# Tumingala at Pagkakalooban Ka

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Mik R. Flores, TLF Executive Head Servant
October 17, 2020

Pangunahing pangangailangan ang kailangan para mabuhay, kaya't ang lahat ng mga ito ay ibinibigay ng Diyos sa atin. Sa buhay, minsan may mga pagkakataong hindi natin napapansin ang nasa harapan natin; kaya't kailangang tumingala sa Diyos para mapansin ang Kanyang biyaya.

**Mga dapat alalahanin para makita natin ang mga biyaya ng Diyos.**

**1. Binibigyan tayo ng Diyos ng tagumpay, ngunit kailangang kumilos tayo.**

1.1 Nasa kamay na natin ang tagumpay na bigay ng Diyos, kaya't ang tangi na lang nating gawin ay gamitin ito nang tama. "Magpasalamat tayo sa Diyos na nagbibigay sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo" (1Cor. 15:57).

**2. Ang pagtingala at ang pagkakaloob ay magka-ugnay.**

2.1 Kailangang masanay tayong makita ang mapagpalang kamay ng Diyos na nagbibigay ng mga pangangailangan natin. Kung may gabay ang Diyos, nasa kamay na natin ang ating mga pangangailangan. Nauna na Niyang ipinagkaloob sa atin. "Si Yahweh ang aking pastol, hindi ako magkukulang" (Awit 23:1).

2.2 Ang Panginoon lang ang tanging nakakikita ng ating bukas; samakatuwid, alam na Niya kung ano ang ibibigay Niya sa atin kapag dumating na ang panahong ito.

**3. Kung di Niya ipinagkaloob, hindi natin ito kailangan.**

3.1 Ang Diyos ang pinagmulan ng lahat-lahat, at hinding-hindi tayo magkukulang; kaya't kung ano ang nasa atin sa ngayon, ay iyon lamang ang ating kailangan.

3.2 Kung naka-pokus tayo sa mga bagay na wala tayo, ang mga biyayang ipinagkaloob ay magiging limitado.

**4. Kailangang makarating tayo sa puntong wala na tayong hahanap-hanapin pa.**

4.1 Kung kasama natin ang Diyos, higit pa sa kailangan natin ang ibibigay Niya. "Ngunit pagsumakitan ninyo nang higit sa lahat ang pagharian kayo ng Diyos at mamuhay nang ayon sa Kanyang kalooban, at ipagkakaloob Niya ang lahat ng kailangan ninyo" (Mat. 6:33).

**5. Ibibigay Niya ang lahat ng ating pangangailangan sa lugar na pagdadalhan Niya sa atin.**

5.1 Minsan, akala natin nasa maling lugar tayo, ngunit magtiwala tayo na hindi tayo ipapahamak ng Diyos. "Kay Yaweh ka magtiwala, buong puso at lubusan, at huwag kang manangan sa sariling karunungan. Siya ay sangguniin sa lahat mong mga balak at kanya kang itutumpak sa lahat ng iyong lakad" (Kawikaan 3:5-6).

**6. Minsan ang biyaya ng Diyos ay nagtatago sa mga gambala.**

6.1 Minsan ang biyaya ng Diyos ay dumarating na parang hamon, ngunit sa totoo, ito ang nagiging tulay para maunawaan natin na Siya lang ang tangi nating kailangan.

**7. Kung wala tayo sa tamang lugar, hindi natin matatanggap ang Kanyang biyaya.**

**Konklusyon:**

Ang susi sa pagtanggap ng biyaya ng Diyos ay ang pag-unawa na Siya lamang ang tangi nating kailangan. Kaya't simulan na nating hanapin ang mga ito sa mga bagay na taglay natin.

**Pagninilay:**

Paano ka nagpapasalamat sa mga biyayang natatanggap mo? Alam mo ba na kung tumingala ka, ika'y pagkakalooban Niya?

**Isinalin ni:** Sis. Nida Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis.  Vera I. Tuplano

**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials